

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Kaantasan ng Pang-uri (Mga Sagot)

Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uring may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

- PS 1. Napakaganda ng mga palamuti sa mga bahay tuwing Pista ng Pahiyas!
- L 2. Magandang asal ang paggamit ng “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda sa iyo.
- PH 3. Ang buhok ni Katrina as mas mahaba sa buhok ni Sarah.
- PH 4. Di-gaanong mabigat ang dalang bag ni Joshua.
- PS 5. Ang galing-galing ng mga mananayaw na napanood namin!
- L 6. Huwag kayong pumunta sa lugar na mapanganib.
- PS 7. Ubod ng hirap ang trabaho ng isang manggagawa sa pabrikang ito.
- PH 8. Magsintanda ang lolo ni Jose at lolo ni Pedro.
- L 9. Ang pamayanan sa tabing-dagat ay payapa.
- PS 10. Si Jason ang pinakamatangkad na anak ni Ginang Rosario.
- L 11. Ibigay mo ang makapal na aklat kay Ginoong Reyes.
- PH 12. Ang dalawang sanggol ay magkatimbang.
- PS 13. Kay bait-bait ng mga kasambahay ni Ginang Raymundo!
- PH 14. Si Juan ay singkupad ng pagong.
- L 15. Bukod-tangi ang talento ni Juan Luna.